



Fairbanks North Star Borough School District

520 Fifth Avenue - Fairbanks, Alaska 99701-4756 (907) 452-2000

Form ng Pagbibigay ng Magulang ng Impormasyon ng Mag-aaral

**** Pakibalik ang form sa paaralan ng iyong mag-aaral ****

Pangalan ng Mag-aaral _____

(Apelyido)

(Pangalan)

Ano ang Impormasyong Pandirektoryo? Maaaring magbunyag ang mga paaralan, ayon sa ipinahihwatig na pagpayag, ng "pandirektoryo" na uri ng impormasyon alinsunod sa Family Education Rights and Privacy Act (Batas Para sa Mga Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya Tungkol sa Edukasyon, **FERPA**). Ang ganitong uri ng impormasyon ay karaniwang ginagamit ng mga organisasyon upang makapagbigay ng mga serbisyo sa mga mag-aaral at ibinibigay ito kapag may lehitimong pangangailangang malaman ito. Gayunpaman, ang mga magulang o kwalipikadong mag-aaral ay may karapatang humiling sa paaralan na huwag magbunyag ng impormasyong pandirektoryo tungkol sa kanila. Ang Impormasyong Pandirektoryo ay limitado sa:

Pangalan ng Mag-aaral Mga Pinasukang Paaralan Mga Gantimpala at Pagkilala Address na Papadalhan Baitang Petsa ng Pagpasok/Pagtatapos

*** Para sa mga item na iiwanang blangko, ipagpapalagay namin na 'OO' ang sagot. ***

PAGBIBIGAY NG IMPORMASYON SA MGA MILITARY RECRUITER

Inaatang ng Every Student Succeeds Act of 2015 (Batas na Nagsusulong sa Pagtatagumpay ng Bawat Mag-aaral ng 2015) sa mga school district na ibigay ang mga pangalan ng mag-aaral, mga address na papadalhan at mga numero ng telepono sa mga military recruiter maliban kung partikular na hihigpitan ng mga magulang ang pagbibigay ng impormasyong ito.

1. Pinapayagan mo bang ibigay sa mga military recruiter ang pangalan, address na papadalhan at numero ng telepono ng mag-aaral? (Mangyaring tumugon nang maaga kung posible, ang mga listahan ay ibibigay sa mga recruiter sa ika-1 ng Oktubre.) Oo Hindi

PINAPAYAGAN MO BANG IBIGAY ANG PANDIREKTORYONG IMPORMASYON NG IYONG MAG-AARAL SA SUMUSUNOD:

2. Mga organisasyong nauugnay sa paaralan? (hal., PTA, mga senior photographer, listahan ng honor roll para sa pahayagan) Oo Hindi
3. Mga organisasyon ng Higher Education? (hal., Mga Kolehiyo at Unibersidad) Oo Hindi

**** Paunawa sa Mga Magulang ng Mga Junior o Senior **** Kung sasagot ka ng hindi sa tanong 2 o 3, ang pangalan at address ng iyong mag-aaral ay hindi ibibigay sa mga organisasyong nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagtatapos sa mataas na paaralan, mga scholarship sa kolehiyo, mga litrato ng senior, mga singsing ng klase o impormasyon ng kolehiyo.

4. Mga organisasyong hindi nauugnay sa paaralan? (hal., mga negosyo, mga bangko, mga mambabatas) Oo Hindi

PINAPAYAGAN MO BANG LUMABAS ANG LITRATO NG IYONG MAG-AARAL SA SUMUSUNOD:

(Kasama ang pagbibigay ng pangalan at baitang ng iyong mag-aaral)

5. YEARBOOK / MGA LITRATO NG KLASE / ACT / SAT Oo Hindi
6. MGA LATHALAIN NG PAARALAN / DISTRITO (hal., mga newsletter, mga brochure, atbp...) Oo Hindi
7. WEBSITE NG PAARALAN / DISTRITO Oo Hindi
8. MEDIA NG PAMPUBLIKONG BALITA Oo Hindi

IBA PANG IMPORMASYON NG MAG-AARAL NA IBIBIGAY

9. Pinapayagan mo bang ibigay sa PTA ang iyong numero ng telepono at email address? Oo Hindi
(Parent Teacher Association)
10. Pinapayagan mo bang kapanayamin ng media ng pampublikong balita ang iyong mag-aaral? Oo Hindi

Mahalaga - Pakibasa!

Kung ikaw ang tagapangalaga ng mag-aaral na ito, ngunit HINDI ikaw ang legal na magulang, dapat kang magbigay ng patunay ng pagiging tagapangalaga. Bilang karagdagan, sa mga kaso ng diborsiyo o paghihiwalay, maliban kung makakatanggap ang paaralan ng legal na dokumento o kopya ng isang kautusan ng diborsiyo na naghahayag na ang isa pang magulang ng iyong mag-aaral ay walang access sa mga record ng iyong anak, inaatasan kami ng batas na bigyan ang isa pang magulang ng access sa mga record ng mag-aaral. Kinikilala ko na naabisuhan na ako tungkol sa aking mga karapatan sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) at pinapayagan ko ang pagbibigay ng impormasyon ayon sa isinasaad sa form na ito.

**** Ang pagbibigay ng maling impormasyon ay maaaring maparusahan ng batas ****

Lagda ng Tagapangalaga (kinakailangan)

Petsa

OFFICE USE ONLY: Student ID: _____

School # _____

FAIRBANKS NORTH STAR BOROUGH SCHOOL DISTRICT
Pabatid sa Magulang tungkol sa mga Karapatan sa ilalim ng FERPA
Taunang Pagbabalik-aral

Ang Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA o Batas sa Karapatan ng Pamilya sa Edukasyon at Pagkapribado) ay isang pederal na batas na dinisenyo upang protektahan ang pagkapribado ng mga rekord ng estudyante sa edukasyon. Binibigyan ng FERPA ang mga magulang o estudyanteng lampas 18 taong gulang (“mga karapat-dapat na estudyante”), ng ilang mga karapatan pagdating sa mga rekord ng estudyante sa edukasyon. Ang mga ito ay:

- (1) **Ang karapatang inspeksiyunin at pag-aralang muli ang mga rekord ng estudyante sa edukasyon sa loob ng 45 araw pagkatapos na matanggap ng Distrito ang kahilingang makita ang mga ito.**

Ang mga magulang o mga karapat-dapat na estudyante ay dapat magsumite sa prinsipal ng paaralan [o naaangkop na opisyal ng paaralan!] ng nakasulat na kahilingan na tumutukoy sa (mga) rekord na nais nilang tingnan. Gagawa ang prinsipal ng mga paraan para sa pag-access at mapasabihan ang magulang o karapat-dapat na estudyante tungkol sa oras at lugar kung saan maaaring tingnan ang mga rekord.

- (2) **Ang karapatang hilingin sa paaralan na itama ang mga rekord na sa paniniwala ng magulang o karapat-dapat na estudyante ay di-wasto o nakakalito.**

Kung magdesisyon ang Distrito na hindi amiyendahan ang rekord gaya ng hiningi ng magulang o karapat-dapat na estudyante, pasasabihan ng Distrito ang magulang o karapat-dapat na estudyante tungkol sa desisyon at papayuhan sila tungkol sa kanilang karapatan sa isang pagdinig hinggil sa kahilingan para sa amiyenda. Ibibigay sa magulang o karapat-dapat na estudyante ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamamaraan sa pagdinig kapag napasabihan tungkol sa karapatan sa pagdinig.

Maaaring hilingin ng mga magulang o ng mga karapat-dapat na estudyante na amiyendahan ng Fairbanks North Star Borough School District ang isang rekord na sa paniniwala nila ay di-wasto o nakakalito. Dapat silang sumulat sa prinsipal ng paaralan, at tukuyin nang malinaw ang bahagi ng rekord na gusto nilang mapalitan, at tukuyin kung bakit ito ay di-wasto o nakakalito.

- (3) **Ang karapatang pahintulutan ang mga pagsisiwalat ng impormasyong makakatukoy sa pagkatao na nasa sa mga rekord ng estudyante sa edukasyon.** Sa kalahatan, dapat hawak ng paaralan ang nakasulat na pahintulot mula sa magulang o karapat-dapat na estudyante bago ilabas ang anumang impormasyon mula sa rekord ng estudyante. Gayunpaman, pinapahintulutan ng batas ang mga paaralan na isiwalat ang mga rekord, nang walang pahintulot, sa mga sumusunod na partido:

- Mga empleyado ng paaralan na may pangangailangang-malaman;
- Ibang paaralan kung saan lumilipat ang estudyante;
- Ilang opisyal ng gobyerno upang ipatupad ang mga tungkuling naaayon sa batas;
- Mga naaangkop na partido kaugnay ng pinansiyal na tulong sa isang estudyante;
- Mga organisasyon na nagsasagawa ng ilang mga pag-aaral para sa paaralan;
- Mga organisasyong nagbibigay ng akreditasyon;
- Mga indibidwal na nakakuha ng mga court order o subpoena;
- Mga taong kailangang makaalam sa mga kaso ng pangkalusugan o pangkaligtasang emergency; at
- Mga awtoridad sa gobyernong estado at lokal, sa isang juvenile justice system, alinsunod sa mga partikular na batas ng estado.

- (4) **Ang karapatang maghain ng reklamo sa Departamento ng Edukasyon sa U.S. hinggil sa mga paratang na pagkabigo ng Distrito na sumunod sa mga hinihingi ng FERPA.** Ang pangalan at address ng Opisina na nagpapatupad sa FERPA ay:

Family Policy Compliance Office
U.S. Department of Education
600 Independence Avenue, SW
Washington, DC 20202-4605